ARALIN 22

1. Alam ba ng Diyos ang kasamaan ng mga tao ng Sodoma at Gomorra?
-Oo.

2. Kung ang mga tao ay nakakalimot sa Diyos, makalilimutan ba Niya sila?
-Hindi.

3. Kung nakalimutan ng mga tao ang tungkol sa Diyos, makalilimutan ba Niya ang kanilang mga kasalanan?
-Hindi.

4. Bakit kailangang parusahan ng Diyos ang bawat kasalanan?
-Dahil ang Diyos ay perpekto.
-Dahil nilikha ng Diyos ang mga tao na perpekto.
-Dahil ang bawat kasalanan ay laban sa Diyos.

5. Bakit hindi agad pinarusahan ng Diyos ang mga tao ng Sodoma at Gomorra para sa kanilang mga kasalanan?
-Dahil gusto ng Diyos na magsisi sila sa kanilang mga kasalanan.
-Dahil nais ng Diyos na iligtas sila.

6. Bakit hindi agad pinarurusahan ng Diyos ang mga tao ngayon para sa kanilang mga kasalanan?
-Dahil gusto ng Diyos na magsisi sila sa kanilang mga kasalanan.
-Dahil gusto ng Diyos na sila ay iligtas.

7. Ang Diyos ba ay binabantaan lamang ang mga tao, subalit hindi sila pinaparusahan para sa kanilang mga kasalanan?
-Hindi.



-Parurusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan.

8. Kapag oras na para parusahan ng Diyos ang mga makasalanan, may makakapigil ba sa Diyos?
-Wala.

9. Kung paanong hinila ng kasalanan si Lot sa Sodoma, ano ang nagagawa ng kasalanan sa lahat ng tao?
-Hinihila ng kasalanan ang mga tao palapit nang palapit sa kasamaan.

10. Paano tayo natulad sa mga tao ng Sodoma at Gomorra?
-Nakapagsabi na tayo ng labis, labis na kasinungalingan.
-Nakapagakusa na tayo ng maling akusasyon sa ibang tao.
-Nagsumpa (Nagmura) na tayo sa ating mga kapitbahay.
-Nagnakaw tayo ng pag-aari ng ibang tao.
-Nakisiping na tayo sa mga asawa ng ibang lalaki.
-Nakapatay na tayo ng ibang tao.

11. Bakit iniligtas ng Diyos si Lot?
-Dahil alam ni Lot na nagkasala siya sa Diyos.
-Dahil alam ni Lot na ang kanyang kasalanan ay magdadala sa kaniya sa walang hanggang kamatayan.
-Dahil alam ni Lot na ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa kanya.
-Dahil naniniwala si Lot na ipadadala ng Diyos ang Tagapagligtas upang iligtas siya.

12. Bakit ginawa ng Diyos na isang haliging asin ang asawa ni Lot?
-Dahil ang asawa ni Lot ay sumuway sa Diyos, at lumingon sa likod.

13. Bakit lumingon ang asawa ni Lot?
-Dahil mahal niya ang kaniyang kasalanan.
-Dahil ayaw niyang iwanan ang kaniyang kasalanan.

-Nangakong bibigyan ng Diyos sina Abraham at Sarah ng isang anak na lalaki.

-Si Abraham ay 100 taong gulang, at si Sarah ay 90 taong gulang, suibalit wala pa rin silang anak.

-Nakalimutan ba ng Diyos ang Kanyang pangako na bigyan si Abraham ng isang anak na lalaki?
-Hindi.

-Hindi makakalimutan ng Diyos ang Kanyang mga pangako.
-Laging tinutupad ng Diyos ang Kanyang mga pangako.

-Nagbago ba ang isip ng Diyos na bigyan si Abraham ng anak na lalaki?
-Hindi.

-Hindi mababago ng Diyos ang Kanyang isip.
-Laging ginagawa ng Diyos ang sinasabi Niyang gagawin Niya.

-Si Abraham ay 100 taong gulang, at si Sarah ay 90 taong gulang at baog.

-Napakahirap ba para sa Diyos na bigyan ng anak na lalaki sina Abraham at Sarah?
-Hindi.
-Walang sakdal hirap sa Diyos.
-Kayang gawin ng Diyos ang anuman.



-Tulad ng ipinangako ng Diyos, binigyan Niya sina Abraham at Sarah ng isang anak na lalaki.

Basahin natin ang Genesis 21:1-3

1-Dinalaw ng Panginoon si Sara ayon sa sinabi niya, at ginawa ng Panginoon kay Sara ang ayon sa kanyang pangako.
2-Si Sara ay naglihi at nagkaanak ng isang lalaki kay Abraham sa kanyang katandaan, sa takdang panahong sinabi ng Diyos sa kanya.
3-Tinawag ni Abraham na Isaac ang anak na ipinanganak sa kanya ni Sara.

-Paano nagkaroon ng anak si Abraham, na 100 taong gulang, at si Sarah, na 90 taong gulang at baog?

-Dahil ang Diyos ang nagbibigay ng buhay.

-Dahil kayang gawin ng Diyos ang anumang bagay.

-Ano ang pangalan ng anak na ibinigay ng Diyos kina Abraham at Sarah?
-Isaac.

-Pagkalipas ng maraming taon, si Isaac ay naging isang malakas na binata.
-Mahal na mahal nina Abraham at Sarah si Isaac.

-Alam ba ni Abraham na binalak ng Diyos na dalhin ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng lahi ni Isaac?
-Oo.

-Naalala ni Abraham ang pangako ng Diyos na magmumula ang Tagapagligtas sa lahi ni Isaac.

-Isang araw, nagsalita ang Diyos kay Abraham tungkol kay Isaac.

Basahin natin ang Genesis 22:1-2

1-Pagkatapos ng mga bagay na ito, sinubok ng Diyos si Abraham, at sinabi sa kanya, "Abraham," at sinabi niya, "Narito ako."

2-At kanyang sinabi, "Kunin mo ngayon ang iyong anak, ang iyong kaisa-isang anak na si Isaac, na iyong minamahal at pumunta ka sa lupain ng Moria. Ialay mo siya bilang handog na susunugin sa itaas ng isa sa mga bundok na aking sasabihin sa iyo."

-Bakit inutusan ng Diyos si Abraham na ihandog si Isaac?
-Nais ng Diyos na subukin si Abraham.

-Bakit gustong subukin ng Diyos si Abraham?

-Nais makita ng Diyos kung mas mahal ni Abraham ang Diyos kaysa kay Isaac.

-Paano inutusan ng Diyos si Abraham na ihandog si Isaac?

-Dahil ang Diyos ang nagbigay buhay kay Abraham.
-Dahil ang Diyos ang nagbigay buhay kay Isaac.
-Dahil ang Diyos ang Panginoon ng lahat ng tao.

-Sinasabi ba ng iyong kapitbahay sa iyong mga anak kung ano ang gagawin?



-Hindi.
-Bakit?
-Dahil ang iyong kapwa ay hindi panginoon ng iyong mga anak.

-Nagpapasya ba ang iyong kapitbahay kung paano taniman ang iyong mga bukirin?
-Hindi.

-Bakit?
-Dahil ang iyong kapwa ay hindi ang panginoon ng iyong mga bukirin.

-Sino ang Panginoon ni Abraham?
-Ang Diyos.

-Sino ang Panginoon ng lahat ng tao?
-Ang Diyos.

-Dahil ang Diyos ang Panginoon ng lahat ng tao, maaaring utusan ng Diyos ang mga tao na gawin ang Kanyang nais ipagawa.

-Nang inutusan ng Diyos si Abraham na ihandog si Isaac, ano ang ginawa ni Abraham?

Basahin natin ang Genesis 22:3

3-Si Abraham ay maagang bumangon at inihanda ang kanyang asno. Isinama niya ang dalawa sa kanyang mga batang tauhan at si Isaac na kanyang anak. Nagsibak siya ng kahoy para sa handog na susunugin; At siya'y naghanda at pumunta sa lugar na sinabi sa kanya ng Diyos.

-Pumutol si Abraham ng kahoy para sa ihahandog, at dinala si Isaac at dalawa sa kanyang mga lingkod sa lugar na ipapakita sa kanya ng Diyos.

-Paano ihahandog ni Abraham si Isaac?

-Kung ihahandog ni Abraham si Isaac, paano tutuparin ng Diyos ang Kanyang mga pangako?

-Kung ihahandog ni Abraham si Isaac, paano bibigyan ng Diyos si Abraham ng maraming lahi?

-Kung ihahandog ni Abraham si Isaac, paano ipadadala ng Diyos ang Tagapagligtas bilang isang inapo ni Abraham?

-Ipinangako ng Diyos kay Abraham na si Isaac ay magiging ama ng maraming lahi, at ang Tagapagligtas ay manggagaling sa kanyang lahi.

-Nagbago ba ang isip ng Diyos?
-Hindi.

-Nagdesisyon ba ang Diyos na hindi tuparin ang Kanyang mga pangako?
-Hindi.

-Naisip ba ni Abraham na nagbago ang isip ng Diyos?
-Hindi.

-Naniwala si Abraham sa Diyos at sa Kanyang mga pangako.
-Naniniwala si Abraham na tutuparin ng Diyos ang Kanyang mga pangako.



-Naniniwala si Abraham na tutuparin ng Diyos ang Kanyang pangako na bibigyan siya ng maraming lahi.

-Naniniwala si Abraham na tutuparin ng Diyos ang Kanyang pangako na ipadadala ang Tagapagligtas.

-Ano ang pinaniniwalaan ni Abraham na gagawin ng Diyos kung ihahandog niya si Isaac?

-Naniniwala si Abraham na kung ihahandog niya si Isaac, bubuhayin ng Diyos si Isaac mula sa mga patay.

-Ang paniniwala ni Abraham ay iba sa paniniwala nina Adan at Eba.

-Sa Hardin ng Eden, sinabi ng Diyos kina Adan at Eba na sila ay mamamatay kung sila ay kakain mula sa Puno ng Kaalaman ng Mabuti at Masama.

-Si Adan at Eba ay hindi naniwala sa Diyos.
-Suibalit si Abraham ay naniwala sa Diyos.

-Dahil naniwala si Abraham sa Diyos, dinala niya si Isaac at dalawa sa kanyang mga lingkod sa lugar na ipapakita sa kanila ng Diyos.

Basahin natin ang Genesis 22:4-6

4-Nang ikatlong araw ay tumingin si Abraham at kanyang natanaw ang lugar na iyon sa malayo.
5-Sinabi ni Abraham sa kanyang mga batang tauhan, “Maghintay kayo rito at ng asno, at ako at ang bata ay pupunta

roon upang kami ay sumamba. Babalikan namin kayo."

6-At kinuha ni Abraham ang kahoy ng handog na susunugin, at ipinasan kay Isaac na kanyang anak. Dinala niya sa kanyang kamay ang apoy at ang patalim at sila'y umalis na magkasama.

-Habang magkasamang naglalakad sina Abraham at Isaac, nagtanong si Isaac sa kanyang ama.

Basahin natin ang Genesis 22:7

7-Nagsalita si Isaac kay Abraham na kanyang ama, "Ama ko." At kanyang sinabi, "Narito ako, anak." Sinabi niya, "Narito ang apoy at ang kahoy, suibalit nasaan ang korderong handog na susunugin?"

-Ano ang tanong ni Isaac?
-"Nasaan ang korderong handog na susunugin?"

-Alam ni Isaac na maghahandog ang kanyang ama.
-Alam ni Isaac na kinukuha nila ang apoy at kahoy.

-Subalit hindi naunawaan ni Isaac kung bakit hindi sila nagdala ng tupa.

-Ano ang isinagot ni Abraham kay Isaac?

Basahin natin ang Genesis 22:8

8-Kaya't sinabi ni Abraham, "Anak ko, ang Diyos ang magkakaloob ng korderong handog na susunugin." At sila'y umalis na magkasama.



-Ano ang tugon ni Abraham?
-Sinabi ni Abraham na ang Diyos mismo ang magbibigay ng tupa.

-Naniniwala si Abraham na ang Diyos ay magbibigay ng sakripisyo.

-Ang paniniwala sa Diyos ang pinakamahalagang gawain na maaari nating gawin.

-Ang pakikinig lamang sa mensahe ng Diyos ay hindi magliligtas sa atin.
-Dapat tayong maniwala sa mensahe ng Diyos upang maligtas.

-Narito ang isang paglalarawan:

-Nagpunta sa doktor ang isang lalaking may matinding karamdaman.
-Tiningnan ng doktor ang maysakit, at sinabi sa kanya ang sakit na mayroon siya.

-Pagkatapos, binigyan ng doktor ang maysakit ng gamot na kailangan niya para maging malusog muli.

-Ininom ng maysakit ang gamot, inilagay ang gamot sa kanyang bulsa, at umuwi.

-Subalit, hindi nilunok ng maysakit ang gamot.

-Nakinig lang sa doktor ang maysakit.
-Hindi niya nilunok ang gamot.

-Gagaling kaya ang maysakit?

-Hindi.
-Ang pakikinig lamang sa mensahe ng Diyos ay hindi makapagliligtas sa iyo.

-Dapat kang maniwala sa mensahe ng Diyos tulad ni Abraham.

-Kung makikinig ka lamang sa mensahe ng Diyos, subalit hindi maniniwala, kung gayon ikaw ay katulad ni Satanas.

-Kung makikinig ka lamang sa mensahe ng Diyos, subalit hindi maniniwala, kung gayon tinatawag mong sinungaling ang Diyos.

-Ang Diyos ay nagliligtas lamang sa mga naniniwala sa Kanya.
-Ang Diyos ay nagliligtas lamang sa mga naniniwala sa Kanyang Salita.

-Nasaan ang Salita ng Diyos?
-Sa Aklat ng Diyos, ang Bibliya.

-Nang marating nina Abraham at Isaac ang lugar na ipinakita sa kanila ng Diyos, ano ang nangyari?

Basahin natin ang Genesis 22:9-10

9-At sila'y dumating sa lugar na sinabi sa kanya ng Diyos. Nagtayo roon si Abraham ng isang dambana, inayos ang kahoy, at tinalian si Isaac na kanyang anak at inilagay sa ibabaw ng kahoy na nasa ibabaw ng dambana.
10-Iniunat ni Abraham ang kanyang kamay at hinawakan ang patalim upang patayin ang kanyang anak.

-Ano ang ginawa ni Abraham?



-Itinali niya si Isaac at inihiga sa altar.

-Nailigtas ba ni Abraham si Isaac?
-Hindi.

-Bakit hindi nailigtas ni Abraham si Isaac?

-Dahil itinaas na ni Abraham ang kanyang patalim upang ihandog si Isaac.

-Nailigtas ba ni Isaac ang kanyang sarili?
-Hindi.

-Bakit hindi nailigtas ni Isaac ang kanyang sarili?
-Dahil itinali ni Abraham ang mga kamay at paa ni Isaac.

-Hindi nakatakas si Isaac.

-Nang magpadala ang Diyos ng baha, ang mga taong nasa labas ng bangka ay hindi nakatakas.

-Nang nagpadala ang Diyos ng apoy mula sa langit, hindi nakatakas ang mga tao sa Sodoma at Gomorra.

-Nang lumingon ang asawa ni Lot sa lungsod ng Sodoma, hindi siya nakatakas.

-Walang makatatakas.

-Sino lamang ang nakapagligtas kay Isaac?
-Ang Diyos.

-Maliligtas ba tayo ng ibang tao?
-Hindi.

-Kaya ba nating iligtas ang ating sarili?
-Hindi.

-Sino ang tangi at nag-i-Isa na makapagliligtas sa atin?
-Ang Diyos.

-Ang Diyos lamang ang nagligtas kay Noe at sa kanyang pamilya.

-Ang Diyos lamang ang nagligtas kay Lot at sa kanyang dalawang anak na babae.

-Ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa lahat ng tao.
-Ang Diyos lamang ang nakapagligtas kay Isaac.

-Iniligtas ba ng Diyos si Isaac?

Basahin natin ang Genesis 22:11-12

11-Ngunit tinawag siya ng anghel ng Panginoon mula sa langit, at sinabi, “Abraham, Abraham.” At kanyang sinabi, “Narito ako.”
12-At sa kanya’y sinabi, “Huwag mong sasaktan ang bata, o gawan man siya ng anuman, sapagkat ngayon ay nalalaman ko na ikaw ay may takot sa Diyos, at hindi mo ipinagkait sa akin ang iyong anak, ang iyong kaisa-isang anak.”

-Sino ang nangusap kay Abraham at nagligtas kay Isaac?
-Ang Diyos.



-Ang Diyos lamang ang nagpigil kay Abraham sa pagpatay kay Isaac.
-Ang Diyos lamang ang nagligtas kay Isaac.

-Subalit hindi maliligtas si Isaac maliban kung may isa pang alay.

-Si Abraham ba ay nagkaroon ng isa pang alay?
-Hindi.

-Si Isaac ba ay nagkaroon ng isa pang alay?
-Hindi.

-Ano ang ginawa ng Diyos?

Basahin natin ang Genesis 22:13

13-Kaya’t tumingin si Abraham, at nakita niya ang isang tupang lalaki sa likuran niya na ang mga sungay ay sumabit sa mga tinik. Lumapit si Abraham at kinuha ang tupa, at siyang inialay na handog na susunugin kapalit ng kanyang anak.

-Wala nang ibang alay si Abraham.
-Wala nang ibang alay si Isaac.

-Sino ang nagbigay ng alay upang maging pamalit kay Isaac?
-Ang Diyos.

-Ang Diyos lamang ang nagbigay ng alay.

-Ano ang alay na ibinigay ng Diyos?
-Isang lalaking tupa.

-Nasaan ang tupa?

-Nakaipit sa isang damuhan ang mga sungay nito.

-Bakit ang sungay ng lalaking tupa ay nakaipit sa isang damuhan?

-Dahil itinali ng Diyos ang lalaking tupa.

-Bakit itinali ng Diyos ang lalaking tupa sa pamamagitan ng mga sungay nito?

-Dahil tatanggapin lamang ng Diyos ang isang perpektong handog na kapalit ni Isaac.

-Kung ang ulo paa ng lalaking tupa ay itinali o naipit, kung gayon ay masasaktan nito ang sarili sa pagsisikap na palayain ang sarili.

-Ang Diyos ay perpekto.
-Tatanggapin lamang ng Diyos ang isang perpektong sakripisyo.

-Tinanggalan ng tali ni Abraham si Isaac, at itinali ang lalaking tupa sa altar na inilaan ng Diyos.

-Inihain ni Abraham ang lalaking tupa sa halip na si Isaac.

-Namatay ang lalaking tupa sa halip na si Isaac.
-Ang lalaking tupa ang kapalit ni Isaac.

-Ano ang tinawag ni Abraham sa lugar kung saan ibinigay ng Diyos ang lalaking tupa?

Basahin natin ang Genesis 22:14-19



14-Kaya't tinawag ni Abraham ang lugar na iyon
Yahweh-yireh. Kaya't sinasabi hanggang sa araw na ito: "Sa
bundok ng Panginoon ito ay ipagkakaloob."
15-Mula sa langit ay muling tinawag ng anghel ng
Panginoon si Abraham.
16-At sinabi niya, "Sumumpa ako sa aking sarili," wika ng
Panginoon, "Sapagkat ginawa mo ito at hindi mo ipinagkait sa
akin ang iyong anak, ang iyong kaisa-isang anak;
17-Tunay na pagpapalain kita, at pararamihin ko ang iyong
binhi, na gaya ng mga bituin sa langit at mga buhangin sa
baybayin ng dagat; at makakamit ng iyong binhi ang
pintuang-bayan ng kanyang mga kaaway.
18-At sa pamamagitan ng iyong binhi ay pagpapalain ang
lahat ng bansa sa lupa, sapagkat sinunod mo ang aking tinig."
19-Kaya't bumalik si Abraham sa kanyang mga batang
tauhan, at sila'y tumayo at sama-samang nagtungo sa Beer-seba;
At nanirahan si Abraham sa Beer-seba.

-Tinawag ni Abraham ang lugar kung saan pinaglaanan ng Diyos ang tupa, "Ang Panginoon ang magkakaloob."

-Bakit tinawag ni Abraham ang lugar na iyon na, "Ang Panginoon ay magkakaloob"?

-Naniniwala si Abraham na kung paanong ibinigay ng Diyos ang lalaking tupa, isang araw ay ibibigay ng Diyos ang Tagapagligtas upang iligtas ang mga tao.